Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-17 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-24 NG OKTUBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ------------ Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Christopher Aron C. Del Rosario |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Rchie E. San Jose |
| | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 53 - 2022

**"KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGHIHIKAYAT SA MGA PUNONG BARANGAY NA KILALANIN ANG MGA ACCIDENT-PRONE AREAS SA KANILANG SINASAKUPAN AT MAGLAGAY NG KAUKULANG BABALA AT SAFETY MARKERS UPANG MAIWASAN ANG AKSIDENTE"**

May Akda : Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan

**SAPAGKAT,** may mga lugar sa iba'tibang barangay sa Bayang Bulakan na madalas maganap ang mga aksidente na kinasasangkutan ng mga motorsiklo, at mga sasakyan na apat ang gulong, ayon sa ulat ng Peace and Order Council ng Bayang Bulakan;

**SAPAGKAT,** kinakailangang mabigyan ng babala ang mga nagmamaneho na mag-ingat sa mga lugar na madalas maganap ang aksidente;

**KUNG KAYA'T,** sa panukala ni Konsehala Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, iminumungkahing hikayatin ang mga Punong Barangay at Sangguniang Barangay ng iba'tibang Barangay na nasasakupan ng Bayang Bulakan na makipag-ugnayan sa Peace and Order Council ng Bayang Bulakan upang makatulong sa pagkilala ng mga accident-prone areas sa nasasakupan nila ng barangay;

**IMINUMUNGKAHI,** na ang mga Sangguniang Barangay ay maglagay ng babala at/o *safety markers* upang maiwasan ang aksidenteng kinasasangkutan ng mga motorsklo, at mga sasakyan;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Christopher Aron C. Del Rosario, na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Naghihikayat Sa Mga Punong Barangay Na Kilalanin Ang Mga Accident-Prone Areas Sa Kanilang Sinasakupan At Maglagay Ng Kaukulang Babala At Safety Markers Upang Maiwasan Ang Aksidente"

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag